

MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATION

KALIDAD NG NAIINOM NA TUBIG AT TUBIG NA MULA SA BALON

ph.lacounty.gov/mehko | homebasedfoods@ph.lacounty.gov | (626) 430-9855

Kinakailangan ang isang aprubadong pinagkukunan ng naiinom na tubig para sa lahat ng operasyon sa kusina ng tahanan. Walang karagdagang aksyon ang kinakailangan kung ang tubig ay ibinibigay ng isang regulated na water district o small water system kung saan isinasagawa ang pagsusuri sa kalidad ng tubig sa isang regular na batayan upang matiyak na ang supply ng tubig ay nakakatugon sa pinakamababang bacterial at chemical na pamantayan.



Ang may-ari/operator ng Microenterprise Home Kitchen Operation (MEHKO) na gumagamit ng pribadong tubig mula sa balon ay may pananagutan sa pagtiyak na ligtas inumin ang tubig na mula sa balon. Ang mga aplikante ng MEHKO ay kailangang magsumite ng **mga resulta ng pagsusuri sa kalidad ng tubig para sa nitrate, nitrite, at mga organismo** bilang bahagi ng inisyal na pagsusumite ng aplikasyon na nagpapatunay na nakakatugon ang supply ng tubig sa minimum na pamantayan ng isang Transient Non-Community Water System (TNCWS), gaya ng tinukoy sa seksyon ng **California Health at Safety Code 116275(o)**.

Dapat na kumpletuhin ng mga inapubahang MEHKO operator ang pagsusuri sa kalidad ng tubig at gawing available ang mga resulta ng pagsusuri sa panahon ng mga regular na inspeksyon o pagsisiyasat ng reklamo. Ang dalas ng pagsusuri sa kalidad ng tubig ay dapat sumunod sa mga iniaatas ng **TNCWS** at kasama ang:

1. Quarterly bacteriological testing (Tuwing ikatlong buwan na pagsusuri para sa presensya ng ibang organismo)

2. Taunang pagsusuri sa Nitrate:

Para sa 1 taon, kinakailangan ang pagsusuri tuwing ikatlong buwan (quarterly) kung ang mga resulta ay mas malaki kaysa sa o katumbas ng 50 porsiyento ng Maximum Contaminant Level (MCL).

Pagkatapos ng 1 taon, kung mas mababa ang mga resulta ng pagsusuri sa 50 porsiyento ng MCL, kukumpletuhin ang pagsusuri taun-taon.

3. Pagsusuri para sa Nitrite:

Para sa 1 taon, kinakailangan ang pagsusuri tuwing ikatlong buwan (quarterly) kung ang mga resulta ay mas malaki kaysa sa o katumbas ng 50 porsiyento ng MCL.

Pagkatapos ng 1 taon, kung ang mga resulta ay mas mababa sa 50 porsiyento ng MCL, gagawin ang pagsusuri kada 3 taon.

Mga Inorganic na Kemikal	Pinakamataas na Antas ng Contaminant, mg/L
Nitrate (bilang nitrogen)	10.0
Nitrite (bilang nitrogen)	1.0

Bacteriological Water Quality (Kalidad ng Tubig sa Presensya o Kawalan ng Ibang Organismo)

Ang tubig ay dapat walang presensya ng coliform bacteria.

Makipag-ugnayan sa **Homebased Food Operations Program** sa (626) 430-9855 patungkol sa mga kinakailangan sa aplikasyon o inspeksyon.

Makipag-ugnayan sa **Drinking Water Program (Programang ng Naiinom na Tubig)** sa (626) 430-5420 para sa mga isyu tungkol sa kalidad ng naiinom na tubig at tubig mula sa balon.